

# Bawal magmaneho nang nakainom !!



Sa Japan, tuwing matatapos ang taon ay dumarami ang mga bilang ng mga pantrapikong aksidente at paglabag sa batas pantrapiko dahil sa pagmamaneho nang nakainom.

Noong 2020, sa loob ng buong taon, dahil sa pagmamaneho nang nakainom, 2522 na kaso ang naitalang aksidente ng tao sa buong bansa at 159 katao ang namatay sa aksidente.



## Ano ang pagkakaiba ng pagmamaneho nang normal sa pagmmaneho nang nakainom?

Ang alcohol(alak) ay nakapagpapabagal sa reaksyon ng "central nervous system" ng tao. Kahit sa palagay ay hindi pa lasing at normal pa ang pakiramdam,

**bumabagal mag-isip, humihina ang balance ng katawan, kumikitid ang mga nakikita.**



Ang mga bagay na kinakailangan para sa ligtas na pagmamaneho gaya ng

**kakayahan sa pagpoproseso ng mga impormasyon, pagiging alerto, pagpapasya ay humihina**

at hindi makakapagmaneho ng ligtas.



## Ang mapaparusahan lang ba ay ang taong nagmaneho nang nakainom?

Sa pagmamaneho nang nakainom, hindi lamang ang driver ang papatawan ng parusa kundi pati na rin ang mga tao na may kinalaman sa pagmamaneho nang nakainom. Halimbawa,



○ **Ang taong nagpahiram ng sasakyan sa taong may posibilidad na magmaneho nang nakainom**



○ **Ang taong nagpa-inom ng alak sa taong may posibilidad na magmaneho nang nakainom**



○ **Ang taong nakakaalam na nakainom ng alak ang driver ay nakiusap na magmaneho at kasamang sumakay sa sasakyan**

CAUTION CAUTION CAUTION CAUTION CAUTION CAUTION



## Ano ang mga detalye ng parusang tatanggapin?

Pagmamaneho nang nakainom ng kaunti (sa bawat 1 litro ng hininga, may mahigit sa 0.15mg ng alcohol na nanggaling mula sa loob ng katawan)

**Mula 3 taon o pababa na pagkakakulong o pagmumulta nang mula ￥500,000 o pababa, kasama ang pagpapawalang bisa ng lisensiya at pagpapasuspinde sa pagkuha ng lisensiya bilang administratibong parusa.**

Pagmamaneho ng lasing (pagmamaneho ng isang taong lasing, hindi normal ang pagsasalita at pagkilos)

**Mula 5 taon o pababa na pagkakakulong o pagmumulta nang mula ￥1,000,000 o pababa, kasama ang pagpapawalang bisa ng lisensiya bilang administratibong parusa.**

Mapaparusahan ang mga taong may kinalaman sa kaso.



At sa mga suliraning pangmamamayan, depende sa kontrata ng “insurance company”, may mga kasong hindi mababayaran ang buong halaga ng seguro, **hindi lamang ang biktima, kundi mismong ang driver na nakaaksidente at pamilya ay mapipilitan na pasanin ang mga iba pang bayarin.**





**Sa pagmamaneho nang nakainom, kasalanan ng taong uminom, pati narin ng taong nagpa-inom.**





Ang basta-bastang pagmamaneho dahil sa palagay ay “Okey lang!” ay maaaring maging sanhi nang matrahedyang aksidente na hindi lamang ang sariling buhay kundi pati na rin ang ibang tao ay babawian ng buhay.

Buhay man ay nailigtas, hindi na maibabalik pa ang dating pang-araw-araw na pamumuhay dahil sa nagkaroon ng isang malubhang sagabal.



## Gayunpaman, ipagpapatuloy mo parin ba ang pagmamaneho nang nakainom?

AICHI POLICE 愛知県警察

CAUTION CAUTION CAUTION CAUTION CAUTION CAUTION